ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# PAGGALUGAD SA KARANASAN NG MGA MANANALIKSIK SA FILIPINO SA PAG-AAKMA NG KANILANG PAG-AARAL SA PAMANTAYAN NG TURNITIN: ISANG KWALITATIBONG PAG-AARAL

**Jessa Mae V. Agni**[1]

[1]ORCID No. 0009-0001-3046-0791

*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra19798
**DOI No: 10.36713/epra19798**

## ABSTRAK

*Ang pananaliksik na ito ay naglalayong maibahagi ang karanasan ng mga mananaliksik sa Filipino hinggil sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin na kasalukuyang nag-aaral sa institusyong Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST). Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik gamit ang penomenolohiyang pagdulog at purposive sampling ni Cresswell (2013) sa pagsasaalang-alang ng 14 na partisipante na hinati sa dalawang pangkat, 7 para sa pinalalim na panayam (In-Depth Interview) at 7 para sa pangkatang talakayan (Focus-Group Discussion). Batay sa resulta ng pag-aaral, natuklasan na ang mga mananaliksik sa Filipino ay nakaranas ng kahirapan sa pagrebisa ng ibang teksto, nakaramdam ng presyon sa pag-abot sa pamantayan ng Turnitin, at nahihirapan dulot ng kanilang kakulangan sa kasanayan sa pagsasalin at ang limitadong kakayahan ng Turnitin sa Filipino. Sa pagharap sa mga hamong ito, ang mga mananaliksik sa Filipino ay nagbahagi rin ng kanilang mga pamamaraan upang malampasan ang mga problemang kinakaharap sa paggamit ng Turnitin tulad ng pagtutok sa orihinalidad, pagbibigay ng tamang pagsisipi, pagsasaayos sa mga isasaling ideya, at ang pagsasagawa ng regular na pagrerebyu. Bukod dito, ipinahayag din ng mga mananaliksik sa Filipino na kinakailangan ng edukasyonal na pagsasanay sa paggamit ng Turnitin, mapaunlad pa ang kakayahan ng plataporma para sa kasanayan, at ang pagbibigay ng malinaw na patakaran upang maiwasan ang mga hamong dulot ng paggamit ng Turnitin.*

**MGA SUSING SALITA***: mananaliksik sa Filipino, pag-aakma sa pamantayan ng Turnitin, plagyarismo*

## INTRODUKSYON

Ang kabanatang ito ay kinapapalooban ng pagpapakilala sa pangunahing problema ng pananaliksik. Dito ilalahad ang rasyunale, layunin ng pag-aaral, mga katanungan sa pananaliksik, teoritikal na pokus, mga kaugnay sa pag-aaral at literatura, kahalagahan sa pag-aaral, katuturan ng mga katawagan, at saklaw at delimitasyon ng pag-aaral.

Ang Turnitin ay isang kilalang plagiarism detection software na ginagamit ng mga mag-aaral, guro, at mananaliksik sa pagsusuri ng orihinalidad ng kanilang akda. Sa mga paaralan, kolehiyo, at unibersidad, ang pagtugon sa pamantayan ng Turnitin ay naging isang kontrobersya na nagdulot ng hamon sa mga mananaliksik sa Filipino (Camara & Ventayen, 2020).

Sa Jordan, partikular sa isang unibersidad sa Amman City, naging isang malaking hamon para sa mga mananaliksik ang pagpapanatili sa orihinalidad ng kanilang teksto habang sinusunod ang mga pamantayang pang-akademiko. Nahaharap sa pagsubok ang mga mananaliksik sa Jordan sa pagpapahayag ng kanilang sariling ideya sa paraang naaayon sa kriterya ng Turnitin habang pinapanatili ang kaayusan at pagiging organisado ng kanilang pananaliksik (El-Muwalla & Badran, 2020).

Sa Pilipinas, partikular sa isang unibersidad sa Tacloban City, ang paggamit ng Turnitin ay kapaki-pakinabang ngunit nagdudulot ito ng pangamba sa mga mananaliksik. Kahit na hindi nila kinopya ang anumang teksto mula sa ibang website at ginamit lamang ang sariling ideya, maaari pa rin itong magresulta ng plagyarismo sa Turnitin (Quiminales et al., 2023).

Gayunpaman, naging isang bahagi ng akademiko ang paggamit ng Turnitin at kinakailangan nating maunawaan kung paano ito nakaaapekto sa karanasan ng mga mananaliksik sa Filipino. Ang pagsasagawa ng pananaliksik na ito ay napakahalaga sa kadahilanang tinitiyak nito na tinutulungan ng Turnitin ang mga mananaliksik na matutong bumuo ng teksto gamit ang sariling ideya.

Samantala, may mga kaugnay na pag-aaral ang natuklasan hinggil sa paglitaw ng iba't ibang pagsisiyasat na tumutukoy sa karanasan ng mga mananaliksik sa paggamit ng Turnitin. Kalakip nito, ang pag-aaral ni Ayon (2017) na *"Students' and Instructors' Perceptions of Turnitin: A Plagiarism Deterrent?"*, *"Turnitin Peer Feedback: Controversial vs. Non-controversial Essays"* nina Alharbi at Al-Hoorie (2020), at *"Using Turnitin for Detecting Plagiarism: Insights from BS Accountancy Students in a Philippine University"* nina Quiminales et al. (2023) ay isinagawa na may kaugnayan sa mga saloobin at pananaw ng mga mag-aaral at guro sa paraan nang paggamit ng Turnitin.Subalit, ang mga pag-aaral na nabanggit ay hindi sinaliksik ang mga karanasan ng mga mananaliksik sa Filipino tungkol sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin.

Pagkatapos ng pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay naglalayong magbahagi ng kaalaman sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang seminar na layuning magbigay ng pagsasanay sa iba't ibang paaralan at institusyon ukol sa epekto ng pag-aakma sa pamantayan ng Turnitin sa kanilang pananaliksik.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang penomenolohikal na pag-aaral na ito ay naglalayong malaman at galugarin ang karanasan ng mga mananaliksik sa Filipino hinggil sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin na nagdulot sa kanila ng hamon sa pagpapalit ng mga teksto upang mabawasan ang posibilidad ng mataas na similarity index sa Turnitin.

Sa puntong ito, ninanais ng mananaliksik sa pag-aaral na ito na matuklasan ang mga pagsubok na nararanasan ng mga mananaliksik sa Filipino at kung paano nila nalagpasan ang mga hamon sa pamamagitan ng kwalitatibong pamamaraan tulad ng mga panayam, pagsasagawa ng talakayan, at obserbasyon upang maka-impok ng mas malalim na impormasyon at makabuo ng isang mabisang pananaliksik.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

1. Ano-ano ang mga karanasan ng mga mananaliksik sa Filipino sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin?
2. Paano nalampasan ng mga mananaliksik sa Filipino ang mga hamong kinakaharap sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin?
3. Ano-ano ang mga pananaw ng mga mananaliksik sa Filipino hinggil sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin?

## METODO

**Disenyo**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong pananaliksik sa dulog na penomenolohiya. Ang kwalitatibong pananaliksik ay isang paraan ng pag-aaral ng mga tao at ng kanilang mga karanasan nang hindi gumagamit ng numero (Crossman, 2020).

Ginamit ng mananaliksik ang disenyong ito kung saan ay naglalayong maunawaan ang mga karanasan, saloobin, at pananaw ng mga mananaliksik sa Filipino sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin. Ito ay isang makabuluhang paraan ng pagsasaliksik na nagbibigay daan sa masusing pag-aaral ng kanilang mga persepsyon.

Bilang ang pananaliksik na ito ay gumamit ng penomenolohiyang pamamaraan, ito ay tumutukoy sa paggalugad sa kakanyahan ng mga karanasan ng tao at pag-unawa sa kahulugang iniuugnay ng mga tao sa mga karanasang iyon (Ho & Limpaecher, 2022).

Sa pamamagitan ng paggamit ng dulog na ito, mababatid ng mananaliksik ang mga karanasan, saloobin, at pananaw ng mga partisipante sa pag-aaral na ito. Gayunpaman, ang penomenolohiyang dulog ang pinakamainam na gamitin para sa pag-aaral na ito sapagkat ang mananaliksik ay interesado sa karanasan ng mga mag-aaral sa Filipino sa akademikong pananaliksik hinggil sa pag-abot sa pamantayan ng Turnitin.

**Mga Partisipante sa Pananaliksik**

Ang pagsasagawa ng isang kwalitatibong pag-aaral na may 5 hanggang 25 na mga kalahok ay nakatutulong sa isang mananaliksik na makabuo at mapanatili ang malapit na ugnayan sa mga ito. Ito ay nagbibigay daan sa mas malinaw at bukas na pagkuha ng impormasyon. Dahil dito, ang tamang sukat na napili ng mananaliksik ay 14 partisipante na hahatiin sa dalawang pangkat, 7 para sa pinalalim na panayam (In-Depth Interview) at 7 para sa pangkatang talakayan (Focus-Group Discussion) para sa mas mabisang pakikipanayam (Creswell, 2013).

Ang pinagbabatayan at isinaalang-alang sa pagpili ng partisipante: a) mga mananaliksik sa Filipino na nakapagsumite na para sa Turnitin, b) sila ay nagmula sa institusyong Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology, at c) may karanasan sa pagrebisa ng ibang pahayag sa kanilang pag-aaral upang maakma sa pamantayan ng Turnitin. Ang bilang ng mga kalahok sa pananaliksik na ito ay nakuha gamit ang purposive sampling na tumutukoy sa 14 na partisipante kung saan 7 para sa pinalalim na panayam at 7 para sa pangkatang talakayan ng pag-aaral.

Gayunpaman, ang purposive sampling ay tumutukoy sa isang non-probability sample kung saan ang mga yunit ay pinili batay sa mga katangian ng isang populasyon at ang layunin ng pag-aaral, kung kaya ang mananaliksik ay gumamit ng purposive sampling. Sa pamamagitan ng purposive sampling, pinipili ng mananaliksik ang mga yunit ng sample na magbibigay ng kaukulang datos para sa kanyang pagsusuri (Crossman, 2020).

Sa karagdagan, ang kwalitatibong pananaliksik ay maaaring gumamit ng iba't ibang sampling sa metodo. Ang purposive sampling ay ginamit para sa pagpili ng partikular na grupo ng mga tao o bagay na pag-aaralan sapagkat mayroon ka ng partikular na ideya tungkol sa kung ano ang gusto mong matutunan mula sa kanila. Ito ay tulad ng pagpili ng eksaktong tamang grupo na akma sa kung ano ang nais mong pag-aralan (Nikolopoulou, 2022).

**Pamamaraan sa Paglikom ng Datos**

Sa pangangalap ng datos, ang mananaliksik ay gagawa ng ilang hakbang at pamamaraan. Gagawin ito upang matiyak na ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito ay magiging tama sa etika at mapagkakatiwalaan. Kaugnay nito, ang mga pangunahing kalahok ng penomenolohiyang pag-aaral na ito ay mula sa institusyong Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology. Sa pag-aaral na ito, napili ang mga partisipante batay sa kanilang karanasan sa pamamagitan ng purposive sampling. Ang mananaliksik ay nagtala ng partisipasyon ng 14 na indibidwal. Ang pito (7) sa kanila ay isinailalim sa isang pinalalim na panayam (In-Depth Interview), habang ang natitirang pito (7) ay para naman sa pangkatang talakayan (Focus-Group Discussion).

Pitong mananaliksik sa Filipino ang pipiliin para sa pinalalim na panayam at pito rin para sa pangkatang talakayan. Sila ay magsisilbing pangunahing saksi upang tumestigo sa kanilang mga karanasan sa isasagawang pag-aaral. Ang mga napiling kalahok ay tunay na mga mananaliksik sa Filipino sa

institusyong KCAST. Ang mga mananaliksik na ito ang pinagmumulan ng mga impormasyon upang maipahayag ang kanilang mga karanasan at saloobin hinggil sa pagharap sa kontekstong pang-akademiko na nauugnay sa kanilang sitwasyon.

**Pag-aanalisa sa Datos**

Sa sistematikong paraan, ang mga datos ay makakalap sa pamamagitan ng mga nakuhang dokumento at mga panayam. Ang mga talakayan mula sa audio at video camera ay isasalin sa nakasulat na anyo para sa nilalaman. Ang mga ito ay susuriin sa pagsusuri ng mga datos.

Maaaring maobserbahan at maitala ang kwalitatibong pagsusuri ng mga datos. Ang uri ng datos na ito ay hindi numerical. Ang ganitong uri ng datos ay kinokolekta sa pamamagitan ng mga pamamaraan ng obserbasyon, isa-isang panayam, pagsasagawa ng mga pangkatang talakayan, at mga katulad na pamamaraan (Surendran, 2020).

Sa pag-aaral na ito, gagamit ang mananaliksik ng thematic analysis na kung saan ang mismong mananaliksik ang magpapabago sa pagsusuri ng mga respondente sa isang maipapaliwanag na pagkakasulat sa pamamagitan ng paggamit ng matingkad at nakahihimok na mga halimbawang nauugnay sa mga tema, mga katanungan sa pananaliksik, at literatura. Ipapakita ng ulat ang mga natuklasan ng pagsusuri sa paraang nanghihikayat sa mambabasa at sa halaga at bisa ng pagsusuri.

**RESULTA**

***Unang Tanong sa Pananaliksik: Ano-ano ang mga karanasan ng mga mananaliksik sa Filipino sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin?***

Upang masagot ang tanong sa pananaliksik na ito, isinagawa ang mga panayam at talakayan sa mga kalahok. Maraming mga panghaliling tanong ang ibinigay upang makuha ang kanilang mga karanasan bilang isang mananaliksik.

Ang mga pangunahing tema at mga ideya para sa pananaliksik na tanong bilang 1 ay ipinakita sa Talahanayan 1.

**Talahanayan 1**
**Mga Karanasan ng mga Mananaliksik sa Filipino sa Pag-aakma ng Kanilang Pag-aaral sa Pamantayan ng Turnitin**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Nakararanas ng Kahirapan sa Pagrebisa ng Ibang Teksto** | • *Para sa akin, nahihirapan akong magrebisa lalo na sa ibang mga pangungusap at mga ideya na mahirap irebisa nang hindi nawawala ang orihinal nitong kahulugan." - IDI-06*<br>• *Totoong mahirap nga ito, ngunit kailangan natin itong pagsikapan upang maiwasan ang pagkopya sa gawa ng iba." - FGD-05* |
| **Presyon sa Pag-abot sa Pamantayan ng Turnitin** | • *Noong nalaman kong isasailalim sa Turnitin ang aking pag-aaral, kinabahan ako lalo na't alam ko na may posibilidad na mataas na porsyento ang magiging resulta nito kahit pa ako na mismo ang nagrebisa sa mga pahayag." - IDI-05*<br>• *Iyan din ang naramdaman ko kay Turnitin, sino ba naman kasing hindi mag-aalala diba? Nangangamba rin ako na baka aabot sa 50% ang magiging resulta kapag isinailalim na ang aking pananaliksik sa Turnitin, kaya ewan ko nalang talaga." - FGD-04* |
| **Limitadong Kakayahan ng Turnitin sa Filipino** | • *Isa sa karanasan ko rito ay ang pagdudulot nito sa akin ng pag-aalala at ito ay dahil sa mga pagkakamali sa proseso ng pagsusuri ng Turnitin sa aking pananaliksik. Marami siyang mga salitang tinukoy bilang may kaparehong nilalaman kahit na ko naman talaga iyon kinopya sa iba." - IDI-03*<br>• *Akala ko ay ayos ang Turnitin kahit sa Filipino. Ngunit napagtanto ko na kulang ang kakayahan nito pagdating sa wikang Filipino na kung saan ay medyo nawala ang aking tiwala sa kawastuhan ng pagsusuri ng Turnitin sa aking pananaliksik." - FGD-02* |
| **Kakulangan sa Kasanayan sa Pagsasalin** | • *Mahirap talaga lalo na sa kung paano ang tamang pagsasaayos ng mga estilo at istruktura ng wika. Nagdudulot kasi ito sa akin ng pakiramdam na kulang pa pala talaga ang aking kakayahan upang mapaunlad pa ang kasanayan ko sa pagsasalin." - IDI-06*<br>• *Sa akin naman, may mga pagkakataon na nahihirapan talaga akong maipahayag nang tama ang kahulugan o detalye ng orihinal na pahayag sa Ingles sa Filipino." - FGD-07* |

**Pangalawang tanong sa Pananaliksik: Paano nalampasan ng mga mananaliksik sa Filipino ang mga hamong kinakaharap sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin?**

Ang mga pangunahing tema at mga ideya para sa pananaliksik na tanong bilang 2 ay ipinakita sa Talahanayan 2. Ang mga kalahok ay nagbahagi ng kanilang mga tugon sa kung paano nila

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

hinarap ang mga hamong kanilang pinagdaanan sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin.

**Talahanayan 2**
**Mga Pamamaraan ng mga Mananaliksik sa Filipino sa Pagharap sa mga Hamon sa Pag-aakma ng Kanilang Pag-aaral sa Pamantayan ng Turnitin**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Pagtutok sa Orihinalidad** | • *Batay naman sa aking karanasan, mahalaga rin na maging sistematiko at maingat sa paglalapat ng mga tamang teknik at pamamaraan aa pagsasaliksik." - IDI-07* <br> • *Para sa akin, ang pagkakaroon ng malawak na pag-iisip at pagtanggap sa mga puna ay isa sa mga paraan ko upang maipakita ko ang orihinalidad ng aking ginawang pananaliksik at upang maiwasan ko rin ang pagkopya sa gawa ng iba." - FGD-05* |
| **Pagbibigay ng Tamang Pagsisipi** | • *Mahalaga siya lalo na sa pagsunod sa mga patakaran sa pagbibigay ng impormasyon mula sa sanggunian. Kinakailangang mabigyan ko ng kredito ang orihinal na may-akda ng impormasyon na ginamit ko sa aking pananaliksik." - IDI-04* <br> • *Sa bawat proseso ng pagsusulat, mahalaga na maipakita ko ang tamang paggalang sa gawa ng iba sa pamamagitan ng wastong pagsipi at pagbanggit. Ito ay nagpapakita ng respeto sa mga orihinal na may-akda at sa kanilang kontribusyon sa larangan." - FGD-06* |
| **Pagsasaayos ng mga Isasaling Ideya** | • *Ang konkretong paraan na aking ginawa ay ang pagrerebisa sa mga ideya at pagsasaayos nito mula sa pinagmulang teksto." - IDI-07* <br> • *Ganun pa rin, orihinal na pagsusulat at tamang organisasyon ng mga ideya. Para sa akin, ito ay isang epektibong paraan sapagkat nakatulong ito sa akin." - FGD-07* |
| **Pagsasagawa ng Regular na Pagrerebyu** | • *Isa sa mga hakbang na ginawa ko ay ang pagsasagawa ng pagrerebyu sa aking papel. Sa pamamagitan ng pagrerebyu, matutukoy ko kung saan ang may mga posibleng pagkakapareho tulad ng pagkakaroon ng parehong pagpapakahulugan o ang paggamit ko ng mga parehong salita at maaayos ko rin ang aking mga pagkakamali bago ito isumite sa Turnitin." - IDI-01* <br> • *Oo nga, kasi diba kinakailangan nating matukoy ang bahagi ng ating pananaliksik na may mga pagkakaparehong pahayag? Kaya dapat ko itong irebyu o suriin lahat upang makadagdag pa ako ng iba pang mga pahayag o impormasyon para mas mapalakas pa ang orihinalidad at ang kahalagahan ng aking pananaliksik." - FGD-05* |

**Pangatlong tanong sa Pananaliksik 3: Ano-ano ang mga pananaw ng mga mananaliksik sa Filipino hinggil sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin?**
Ang mga pangunahing tema at mga ideya para sa pananaliksik sa tanong bilang 3 ay ipinakita sa Talahanayan 3. Ang mga kalahok ay nagbahagi ng kanilang mga pananaw hinggil sa kanilang mga karanasan sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin.

**Talahanayan 3**
**Pananaw ng mga Mananaliksik sa Filipino Hinggil sa Pag-aakma ng Kanilang Pag-aaral sa Pamantayan ng Turnitin**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Edukasyonal na Pagsasanay sa Paggamit ng Turnitin ay Kinakailangan** | • *Sa pagpapabuti ng paggamit ng Turnitin sa larangan ng edukasyon, para sa ating mga medyur sa Filipino ay kinakailangan nating sanayin ang mga mag-aaral sa mabisang pagsasalin upang matugunan ang mga tiyak na pangangailangan ng ating larangan at matiyak na ito ay sumusunod sa pamantayan ng akademiko." - IDI-01* <br> • *Maaaring magsagawa ng mga sesyon ng pagsasanay ang institusyon para sa aming mga mananaliksik o mga mag-aaral upang palakasin pa ang aming kaalaman at kasanayan sa tamang paggamit ng Turnitin." - FGD-03* |
| | • *Hangad ko naman na sana ay mas mapahusay pa ang Turnitin sa mas magandang bersyon at pati na rin sa pag-aanalisa nito sa mga* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| **Pagpapaunlad sa Kakayahan ng Turnitin sa Filipino Para sa Kasanayan** | *pananaliksik, lalo na at alam kong magagamit ko pa rin ito sa hinaharap." - IDI-01*<br>• *Sa akin naman, kinakailangan pa talaga ng mga algoritmo na espesyalisado sa pagsusuri ng mga pananaliksik sa Filipino upang mas mapadali pa ang pagtukoy sa mga wastong estilo at ang paggamit ng wika sa gawaing pang-akademiko." - FGD-07* |
| **Pagbibigay ng Malinaw na Patakaran sa Turnitin** | • *Para sa akin, ang paglalagay ng mas malinaw na gabay upang matulungan ang mga baguhan at mga hindi pamilyar sa Turnitin ay maaari ding maging kapaki-pakinabang na hakbang." - IDI-05*<br>• *Sa aking palagay, kritikal na magkaroon ang aming paaralan ng mas detalyadong mga alituntunin at proseso kaugnay sa paggamit ng Turnitin at sa paglutas ng mga isyu. Sapagkat ito ay upang mas lubos naming maunawaan ang mga hakbang na kinakailangan naming sundin." - FGD-04* |

## DISKUSYON

**Karanasan ng mga Mananaliksik sa Filipino sa Pag-aakma ng Kanilang Pag-aaral sa Pamantayan ng Turnitin.** Mula sa mga datos na nakalap, nagawang uriin ng mananaliksik ang apat na mahahalagang tema na naglalayong galugarin ang mga karanasan ng mga mananaliksik sa Filipino sa paggamit ng Turnitin.

Ang unang temang lumabas ay isa sa naging problemang dinanas ng mga mananaliksik sa Filipino na sila ay **nakararanas ng kahirapan sa pagrebisa ng ibang teksto**. Ang hamong ito ay lalo pang nadama ng mga mananaliksik sa Filipino sa panahon ng kanilang pagsasaliksik na kung saan ay kinakailangan nilang suriin nang maigi ang mga teksto. Sa paggamit ng Turnitin, isinaad ni Michalikova (2019) na ang pagrerebisa ay naging isang malaking hamon para sa mga mananaliksik. Kahit na sinusubukan ng mga mananaliksik na ayusin ang isang bahagi ng teksto, ito ay mahirap pa rin sapagkat may iba pang mga konseptong kinakailangan nilang ayusin.

Ang ikalawang temang lumabas ay ang **presyon sa pag-abot sa pamantayan ng Turnitin**. Karamihan sa mga mananaliksik ay nagbahagi ng kanilang damdamin na kung saan sila ay nakaramdam ng presyon sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin. Ayon kina Alua et al. (2022), ang mga mananaliksik ay nakaramdam ng presyon sa pag-iwas sa plagyarismo o sa pagtukoy sa kanilang gawa bilang may kaparehong nilalaman. Ibinahagi sa pag-aaral na ito na maraming institusyon ang nagtitiyagang bumuo ng mga mekanismo upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang kahalagahan ng integridad sa akademiko.

Ang ikatlong temang nabuo mula sa mga tugon ng mga mananaliksik sa Filipino ay ang hamong dulot ng **limitadong kakayahan ng Turnitin sa Filipino**. Naging hamon ito para sa mga mananaliksik sa Filipino sapagkat ang sistema ng Turnitin ay pangunahing nakatuon sa Ingles at mayroong limitasyon sa pagtukoy ng mga pagkakapareho sa mga akdang Filipino. Ayon kina James et al. (2019) na sa pagsusuri ng mga pananaliksik sa Filipino, naging hamon sa mga mananaliksik ang limitadong kakayahan ng Turnitin. Sa pag-aaral, sinusuri kung paano nakaaapekto ang mga pagkakaiba sa wika sa kakayahan ng Turnitin na makakita ng plagyarismo sa iba't ibang wika.

Ang huling temang lumitaw ay ang **kakulangan sa kasanayan sa pagsasalin** na kung saan ay isang malaking hamon para sa mga mananaliksik sa Filipino sapagkat isa sa mahalagang proseso sa pagsasagawa ng kanilang pananaliksik ay ang pagsasalin nang maayos at malinaw sa kanilang mga nakuhang impormasyon mula sa Ingles tungo sa Filipino. Ayon sa isinaad nina Arong et al. (2024), ang pagsusuri sa mga hamon at kakayahan sa pagsasalin mula sa Ingles patungo sa Filipino ay naglalayong magbigay linaw sa mga guro at tagapagdisenyo ng kurikulum sa kung paano mas mapapabuti ang pagtuturo ng wika.

**Pagharap sa mga Hamon sa Pag-aakma ng Kanilang Pag-aaral sa Pamantayan ng Turnitin.** Mula sa mga datos na nakalap, nagawang uriin ng mananaliksik ang apat na mahahalagang tema na naglalayong tuklasin kung paano nilalabanan ng mga mananaliksik sa Filipino ang mga hamon sa paggamit ng Turnitin.

Isiniwalat ng unang tema na isa sa hakbang na ginawa ng mga mananaliksik sa pagharap sa hamong dulot ng paggamit ng Turnitin ay ang **pagtutok sa orihinalidad**. Mahalaga ito bilang isang pangunahing layunin at prinsipyo sa pagsulat ng akademikong papel. Sa ipinaliwanag ni Kaktiņš (2019) na sa pagharap sa mga hamon na dulot ng paggamit ng Turnitin, ang mga mananaliksik ay gumagamit ng iba't ibang paraan sa pagtutok sa orihinalidad ng kanilang gawain habang sumusunod sa mga pamantayan ng Turnitin para sa akademikong kahusayan.

Ang ikalawang temang lumabas sa kung paano ito hinarap ng mga mananaliksik sa Filipino ay ang **pagbibigay ng tamang pagsisipi** na kung saan ay may layuning ilarawan nang wasto ang mga pinagmulan ng mga impormasyon na ginamit ng mga mananaliksik sa pagbuo ng kanilang pag-aaral. Ipinahayag naman ni Mayuntupa (2020) na ang pagbibigay ng tamang pagsisipi ay kinakailangan sa pagpapanatili ng orihinalidad sapagkat sa pamamagitan nito ay hindi ito matutukoy ng Turnitin bilang may kaparehong nilalaman.

Ang ikatlong tema ay nagsasaad na sa pamamagitan ng **pagsasaayos ng mga isasaling ideya**, ang mga mananaliksik sa Filipino ay makabubuo ng isang maayos na daloy ng mga konsepto at argumento mula sa simula hanggang sa wakas ng

kanilang pananaliksik. Base sa pahayag nina El-Muwalla at Badran (2020), sa paggamit ng mga epektibong paraan ng pagsasaayos ng mga isasaling salita, ito ay mahalaga upang mapanatili ang orihinalidad kapag dumaan sa pagsusuri ng Turnitin.

Ang huling temang nabuo ay **ang pagsasagawa ng regular na pagrerebyu** na kung saan ay mahalaga para sa mga mananaliksik sa Filipino. Layunin nitong matiyak na tama at komprehensibo ang bawat pahayag at argumento na isinusulat ng mga mananaliksik. Sa pag-aaral ni Parker (2023), ang pagsasagawa ng regular na pagrerebyu sa isang akademikong papel ay isang mahalagang hakbang upang mapanatili ang integridad at kredibilidad nito.

**Pananaw ng mga Mananaliksik sa Filipino sa Pag-aakma ng Pag-aaral sa Pamantayan ng Turnitin.** Mula sa mga datos na nakalap, nagawang uriin ng mananaliksik ang tatlong mahahalagang tema na naglalarawan ng mga pananaw ng mga mananaliksik sa Filipino na maaari ding ibahagi nila sa kanilang kapwa mananaliksik.

Inilahad ng unang tema na isa sa naging hinuha ng mga mananaliksik sa Filipino ay ang **edukasyonal na pagsasanay sa paggamit ng Turnitin ay kinakailangan** upang mapalalim pa ang pag-unawa ng mga mananaliksik at mapatibay pa ang kanilang kaalaman sa larangan ng akademikong pagsulat at integridad sa pananaliksik. Mula sa pagsusuri nina Daoud et al. (2019), ang pagpapabuti sa kakayahan ng mga mananaliksik sa paggamit ng Turnitin ay kinakailangang isaalang-alang ang interbensiyong edukasyonal at mga programa sa pagsasanay.

Inilahad ng ikalawang tema na batay sa mga pananaw na ibinahagi ng mga mananaliksik sa Filipino, mahalagang bigyang pansin ang **pagpapaunlad sa kakayahan ng Turnitin sa Filipino para sa kasanayan** sapagkat mas napapabuti nito ang proseso ng pagsusuri at ang pagtukoy sa orihinalidad ng pag-aaral ng mga mananaliksik sa Filipino. Kaugnay nito, isinaad ni Gordon (2023) na kinakailangang mapaunlad pa ang kakayahan ng Turnitin pagdating sa pagsusuri ng mga akademikong gawain sa Filipino upang mabigyang diin ang layunin nito na itigil at pigilan ang pagkopya sa gawa ng iba at ang hindi pagbibigay ng tamang kredito.

Ipinakita ng ikatlong tema na ayon sa pananaw ng mga mananaliksik sa Filipino ay kinakailangang ang **pagbibigay ng malinaw na patakaran ay bigyang kahalagahan** sapagkat hindi lamang ito naglalayong maprotektahan ang mga karapatan ng mga mananaliksik kung hindi nagbibigay rin ng gabay sa tamang paggamit ng teknolohiya. Sa salaysay ni Saba'Ayon (2020) na mahalagang may mga patakaran na sumusuporta sa mga layunin ng institusyon at pangkalahatang pagsisikap na mapanatili ang kahusayan sa akademya.

**Implikasyon sa Pagtuturo**

Ang paggamit ng mga plagiarism detection tools tulad ng Turnitin sa pagsusuri ng orihinalidad ng mga pananaliksik ay isang malaking ambag sa pagpapanatili ng akademikong integridad at nakatutulong sa mga mananaliksik upang mas mapahusay pa ang kanilang kasanayan sa pagbuo ng pag-aaral. Ang mga resulta sa kwalitatibong pag-aaral na ito ay nakapokus sa karanasan ng mga mananaliksik sa Filipino, kung paano nila nalampasan ang mga hamon, at ang kanilang pananaw o perspektiba hinggil sa paggamit ng Turnitin at sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan nito.

Mula sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito ay makatatanggap ng pakinabang ang mga administrador ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST). Natutukoy ng pag-aaral ang mga pangunahing problemang kinakaharap ng mga mananaliksik sa Filipino. Bilang tugon, maaaring ipatupad ng institusyon ang mga sesyon ng pagsasanay upang mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga mananaliksik sa paggamit ng naturang plataporma.

Ang pagsusuri sa mga karanasan ng mga mananaliksik sa Filipino sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin ay may malalim na implikasyon para sa mga guro. Ito ay nagbibigay daan para sa mga guro na espesyalista sa naturang larangan na mas mapagtanto ang kanilang papel bilang mga tagapagturo at tagapaggabay sa mga mag-aaral.

Samantala, mahalaga rin ang pag-aaral na ito sa mga mag-aaral sapagkat ito ang magbubukas sa kanilang kaisipan at mamulat sa mga karanasan ng mga mananaliksik na magsisilbing motibasyon nila sa pag-unawa sa kahalagahan ng orihinalidad at integridad ng kanilang akademikong gawain.

Makabuluhan din ang pag-aaral na ito para sa mga mananaliksik sa hinaharap sapagkat ito ay magsisilbing inspirasyon at motibasyon sa ibang mga mananaliksik kung paano harapin ang mga hamon pagdating sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin.

**Implikasyon sa Susunod na Pananaliksik**

Saklaw sa pag-aaral na ito ang pagpapakita ng isang pangkalahatang ideya sa kung paano iniaakma ng mga mananaliksik sa Filipino ang kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin. Ang resulta ng pananaliksik na ito ay nakabatay lamang sa mga tugon ng labing-apat na mananaliksik sa Filipino sa institusyong Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology (KCAST), na kung saan ay nagbahagi ng kanilang mga karanasan.

Ang implikasyon sa pag-aaral na ito ay nagmumungkahi para sa karagdagang pag-aaral gaya ng epekto ng limitadong kakayahan ng Turnitin sa pagsusuri ng mga pananaliksik sa Filipino, mga kwento ng mga mananaliksik na nahihirapan sa pagrerebisa at pagbibigay ng tamang pagsisipi, at marami pang iba na may kaugnayan sa mga mananaliksik sa Filipino.

Magiging kapaki-pakinabang ang pag-aaral na ito sa iba pang mananaliksik upang magkaroon sila ng karagdagang impormasyon at magiging batayan nila sa kanilang gagawing pananaliksik. Maaari itong magsilbing gabay para sa mga susunod na mananaliksik upang maisagawa nila ang kanilang mga pag-aaral nang maayos na may kaugnayan sa aking ginawa.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Panapos na Pahayag**

Ang mga mananaliksik sa Filipino ay may mahalagang papel sa larangan ng edukasyon at sa konteksto ng akademikong integridad. Sa pagpapamalas ng kahusayan sa kanilang pagsusulat at pagsusuri ng datos ay kinakailangan ng mga mananaliksik na sumunod sa etikal na pamantayan ng pagsasaliksik at akademikong pagsulat.

Sa kabuoan, isinawalat ng pag-aaral na ang mga kalahok ay may iba't ibang karanasan, gumagamit ng iba't ibang mga mekanismo, at may mahahalagang pananaw tungkol sa pag-aaral.

Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang mga mananaliksik sa Filipino ay naobserbahan ang mga makabuluhang pamamaraan sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin. Sa pag-usbong ng mga plagiarism detection software tulad ng Turnitin na nagsusuri sa orihinalidad ng mga akademikong gawain ay mahalagang magkaroon ng sapat na kaalaman at kakayahan sa tamang paggamit ng plataporma. Kaya, bilang isang mananaliksik, naisip ko ang pag-aaral na ito sapagkat nakita ko ang ibang mananaliksik na nahihirapan sa pag-aakma ng kanilang pag-aaral sa pamantayan ng Turnitin.

## TALASANGGUNIAN


1. *Alharbi, M.A. & Al-Hoorie, A.H. (2020). Turnitin peer feedback: Controversial vs. non-controversial essays. https://www.researchgate.net/publication/ 34134433_Turnitin_peer_feedback_Controversial_vs_no n-controversial_essays*
2. *Alua, M.A., Nasir, K.A., & Debora, M.B. (2022). Students' Perception on Plagiarism and Usage of Turnitin Anti-Plagiarism Software: The Role of the Library.www.tandfonline.com.https://www.tandfonline.c om*
3. *Arong, N., Baluran Jr, L., Carabio, S., Cuambot, H., & Diaz, L. (2024). Pagsusuri sa mga Hamon at Kakayan sa Pagbaybay at Pagsasalin nang mga Mag-aaral sa Wikang Ingles sa Wikang Filipino. www.collegesidekick.com.https://www.collegesidekick.co m/study-docs/5202400?fbclid*
4. *Ayon, N.S. (2017). Students' and Instructors' Perceptions of Turnitin: A Plagiarism Deterrent?. www.scirp.org. https://www.scirp.org/journal/ paperinformation?paperid*
5. *Camara, J.S. & Ventayen, R.J.M. (2020). Publishing Practices Among Senior Multidisciplinary Researchers Using Turnitin.com Originality Reports. www.semanticscholar.org. https://www.semanticscholar.org/paper/Publishing-Practices-Among-Senior-Multidisciplinary-Camara - Ventayen/*
6. *Creswell, J. (2013). Qualitative Inquiry & Research Design: Choosing Among Five Approaches. www.researchgate.net. https://www.researchgate. net/publication/23257701_Qualitative_Inquiry_Research _Design_Choosing_Among_Five_Approaches*
7. *Crossman, A. (2020). An Overview of Qualitative Research Methods. www.thoughtco.com. https://www.thoughtco.com/qualitative-research-methods-3026555*
8. *Crossman, A. (2020). Understanding Purposive Sampling. www.thoughtco.com. https://www.thoughtco.com/purposive-sampling3026727*
9. *Daoud, S., Alrabaiah, H., & Zaitoun, E. (2019). Technology for Promoting Academic Integrity: The Impact of Using Turnitin on Reducing Plagiarism. www.semanticscholar.org. https://www. semanticscholar.org/paper/ Technology-for-Promoting-Academic-Integrity%3A-The-of-Daoud-Alrabaiah/*
10. *El-Muwalla, M. & Badran, A. (2020). Turnitin: Building Academic Integrity Against Plagiarism to Underpin Innovation. link.springer.com. https://link.springer.com/chapter/10.1007/978-3-030-37834-9_11*
11. *Gordon, R. (2023). How Does Turnitin™ Work?. www.apu.apus.edu. https://www.apu.apus.edu/area-of-study/education/resources/how-does-turnitin-work/?fbclid*
12. *Ho, L. & Limpaecher, A. (2022). What is Phenomenological Research Design? Essential Guide to Coding Qualitative Data. delvetool.com. https://delvetool.com/blog/phenomenology*
13. *James, M.X., Miller, G.J., & Wyckoff, T.W. (2019). Comprehending the Cultural Causes of English Writing Plagiarism in Chinese Students at a Western-Style University. link.springer.com. https://link.springer.com/article/10.1007/s10551-017-3441-6*
14. *Kaktiņš, L. (2019). Does Turnitin support the development of international students' academic integrity?. www.tandfonline.com. https://www.tandfonline.com/doi/full/10.1080/1744*
15. *Turnitin to boost the originality in the elaboration of argumentative essays among Peruvian university students. ieeexplore.ieee.org. https://ieeexplore.ieee.org/ document/9149492*
16. *Michalikova, M. (2019). Speeding up the revision process: strategies, problems & solutions. writingscientist.com. https://writingscientist.com/ revisions1/?fbclid*
17. *Nikolopoulou, K. (2022). What Is Purposive Sampling? | Definition & Examples. www.scribbr.com. https://www.scribbr.com/methodology/purposive-sampling/*
18. *Parker, D. (2023). How to Write an Article Review: Tips andExamples. essaypro.com. https://essaypro.com/blog/article-review*

19. *Quiminales, J., Meridor, C., Daban, A.N., Gallamos, C.M., Nacionales, J., & Claridad, N. (2023). Using Turnitin for detecting plagiarism: insights from BS accountancy students in a Philippine university. www.evsu.edu.ph. https://www.evsu.edu.ph/ university-research-and-created-works/using-turnitin-for-detecting-plagiarism-insights-from-bs-accountancy-students-in-a-philippine-university/*
20. *Saba'Ayon, N. (2020). Impact of Turnitin on Deterring Plagiarism: A Follow-up Study. www.researchgate.net. https://www.researchgate. net/publication/347839030_Impact_of_Turnitin_on_Deterring_Plagiarism_A_Follow-up_Study_Chapter*
21. *Surendran, A. (2020). Qualitative Data – Definition, Types, Analysis and Examples. www.questionpro.com. https://www.questionpro.com/blog/qualitative-data/*